

| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 2 |
|---|---|---|---|---|
| | Guro: | | Asignatura: | **MAKABANSA** |
| | Petsa: | | Markahan/Linggo: | Q1-WEEK 4 |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW | IKALIMANG NA ARAW |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Nauunawaan ang katangiang heograpikal ng kinabibilangang komunidad | | | | |
| **B. Pamantayang Pagganap** | Nakagagawa ng likhang-sining (mapa) na nagpapakita ng katangiang heograpikal ng kinabibilangang komunidad | | | | |
| **C. Mga Kasanayang Pampagkatuto** | Nailalarawan ang sariling komunidad batay sa: Palatandaang heograpikal | | | | |
| **D. Mga Layunin** | . Naiisa-isa ang mga palatandaang heograpikal sa kinabibilangang komunidad | Nailalahad ang kahalagahan ng mga palatandaang heograpikal sa kinabibilangang komunidad | Nakaguguhit ng mapa ng kinabibilangang komunidad | Naibabahagi ang iginuhit na mapa ng kinabibilangang komunidad | 2ND SUMMATIVE TEST |
| **II.NILALAMAN/PAKSA** | Mga Palatandaang Heograpikal | Pagpapahalaga sa mga Palatandaang heograpikal | Ang Mapa ng Aking Komunidad | Ang Ipinagmamalaki kong Komunidad | |
| **III MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | | |
| A. Mga Sanggunian | | | Amboni, Ma. Lynie R., et.al **Araling Panlipunan** Kagamitan ng Mag-aaral Rehyon ng Davao Unang Edisyon 2019 pp 4-21. Studio Graphics Corp. | Amboni, Ma. Lynie, et.al, **Araling Panblipunan** Kagamitan ng Mag-aaral Rehyon ng Davao Unang Edisyon 2019 pp 4-21. Studio Graphic Corp | |
| B. Iba pang Kagamitan | Larawan, papel, color, TV, chart, gunting, | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | pandikit | | | | |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | | |
| **Panimulang Gawain** | Balik-aral:<br><br>Panuto: Ang mga mag-aaral ay tatanungin tungkol sa leksyon ng nakaraang lingo.<br><br>a. Ano ang pangalan ng inyong lugar?<br><br>b. Anong lugar ang mas malawak kaysa sa inyong lugar?<br><br>c. Alam nyo ba kung ano ang nakikita sa kapaligiran nila doon?<br><br>d. Ano ang nakikita nyo sa inyong kapaligiran?<br><br>Note:<br>Inaasahan na ang sagot ng mag- aaral ay magkakaiba sa iba't ibang lugar. | Balik-aral:<br><br>Pagkanta ng mga anyong tubig at anyong lupa:<br>https://www.youtube.com/watch?v=o_URZvtK_hs<br><br>1.Ano ano ang mga lugar na napanood sa video?<br><br>2.Mayroon bang kahalintulad ang mga ito sa inyong lugar?<br><br>3.Ano ano ang mga ito?<br><br>4.May Nakita ba kayong mga estruktura na nakatayo? Mayroon ba sa inyong lugar?<br><br>Note: Maaring ulitin ng guro ang video habang ang mga bata ay hinihingan ng sagot. Itigil ng guro ang video sa mga inaasahang huhugutan ng sagot ng mga bata. | Balik-aral:<br><br>Ano ang mga lugar, gusali, anyong lupa at anyong tubig sa inyong lugar?<br><br>Noong gumuhit kayo noong nakaraang lingo, ano ang laman ng inyong mapa?<br>Ano ang mapa?<br><br>Ituro ang hilaga, kanluran, timog at silangan mula sa inyong lokasyon. | Balik-aral:<br><br>1. Ituro ang silangan ng ating silid-aralan?<br><br>2. Nasaan sumisikat ang araw?<br><br>3. Pareho ba ang itinuro mong direksyon sa silangan ng silid-aralan at ang pinagsisikatan ng araw?<br>4.Anong gusali/bundok/ilog ang inyong nasa silangan? | |
| **Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin** | Layunin ng aralin:<br><br>Naiisa-isa ang mga palatandaang | Layunin ng aralin:<br><br>Nailalahad ang kahalagahan ng mga | Layunin ng aralin:<br><br>Nakaguguhit ng mapa | Layunin ng aralin:<br><br>Naibabahagi ang iginuhit na mapa ng | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | heograpikal sa kinabibilangang komunidad | palatandaang heograpikal sa kinabibilangang komunidad | ng kinabibilangang komunidad | kinabibilangang komunidad | |
| **Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin** | Panuto:<br><br>1.Sabihin :Buuin ang picture puzzle ng mga ito.<br>a. Bundok<br>b. b..Burol<br>c. Kapatagan<br>d. Kabukiran<br>e. Karagatan<br>f. Ilog<br>g. Talon<br>h. Parke<br>i. Pamilihan<br><br>Ikumpirma kung tama ang mga pagsasalarawan at dagdagan ang mga kulang o kung mali, siguraduhing maibigay ang tamang pagsasalarawan.<br><br>Kasama ng mga larawan, ang guro ang magbibigay pagkakaiba ng mga salitang:<br><br>Bantayog- mga monumento o bagay na pinatayo ng tao na nagpapaalala ng tao o pangyayari.<br>Halimbawa: Jose Rizal sa parke | Talakayin:<br><br>1. Ano ang trabaho?<br><br>2. Ano ang isda?<br>3.Ano ang punongkahoy?<br><br>Note: Mula sa video itatanong ang halimbawa ng tanim mula sa bata at ibigay ang ibig sabihin ng mga salitang nabanggit sa tanong<br><br>**Trabaho-**<br><br>**Isda**<br><br>**Punongkahoy** | Panuto:<br><br>Pag-aralan ang 2 Mapa pisara. Sabihin ang napansing pagkakapareho at pagkakaiba.<br><br>  | Paalala:<br><br>1. Makibahagi sa gawain. Sabihin ang purok, barangay at mga istruktura, bantayog, anyong lupa, anyong tubigMna iginuhit. Sabihin din kung ang lugar na naiguhit ay nasa. timog, hilaga,Mkanluran o silangan.<br><br>Note:<br>Ilalagay sa chart ang mga inaasahang ibabahagi ng mag-aaral.<br><br>2. Makinig sa bawat magsasalita.<br>3. Palakpakan ang bawat kamag-aral na magsasalita. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Anyong lupa- mga natural na hugis ng lupa sa ibabaw ng mundo katulad ng bundok, isla at iba pa.<br><br>Anyong tubig- mga lugar na may pag-ipon ng mga maraming tubig katulad ng ilog, dagat, talon at iba pa.<br><br>Istruktura- mga nabuo ng tao mula sariling disenyo at pagplano katulad ng mga gusali, simbahan at iba pa.<br><br>Palatandaang heograpikal- mga nakikitang nagbibigay tanda o pagkakakilanlan sa lugar<br><br>Itanong:<br><br>Alin sa mga larawang nabuo ang bantayog, anyong lupa, anyong tubig, at istruktura?<br>Ang mga ito ba ay nagpapaalala na inyong lugar? | | | | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | | |
| **Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya** | Sabihin Mo, isulat ko, Basahin Natin!<br><br>Mayroon ba ang mga nabanggit na mga | Gawain: Game ka na ba?<br><br>Magpalaro.<br><br>Maglagay ng upuan/marker sa harap | Babasahin ang mga paalala habang gumuguhit.<br><br>1. Gawing mag-isa ang | Pasahan ng bola:<br><br>Ipatugtog ang Piliin mo ang Pilipinas habang ipinapasa ang | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | anyong lupa o anyong tubig sa inyong lugar? May bantayog ba o istruktura?<br><br>Ano ang pangalan ng mga palatandaan na makikita sa inyong lugar.<br><br>Kung may bibisita sa inyong lugar, paano malalaman na nakarating na sila sa inyo?<br><br>Note: Isusulat ng. guro sa pisara o sa anumang kagamitan ng guro at ipabasa sa mga bata ang mga sagot. | na may tatak na:<br><br>Dagat/karagatan<br>ilog<br>Kapatagan<br>Bundok<br>Burol<br>Paaralan<br>pamilihan<br><br>Mag-uunahan ang mga mag-aaral na luminya kung saan sa mga pilian makikita o galing ang mga sumusunod na dulot o bunga ng mga<br><br>Palatandaan. Ang mga ito ay:<br>• Puno<br>• Isda<br>• Bulaklak<br>• Palay<br>• Bahay<br>• Pag-aaral<br>• Damit<br>• Sapatos<br>• Pandilig<br>• Isda | mapang pangdaan ng inyong lugar.<br><br>2. Gamitin ang sariling coupon bond, color at lapis o humiram sa guro ng gagamitin sa gawain kapag walang sariling gamit.<br><br>4. Gumamit ng mga maayos na linya at kurba sa pagguhit. Kulayan din ang iginuhit upang makabuo ng masining na mapa. | bola sa katabi. Kapag tumigil ang tugtog, titigil din ang pagpasa, kung kanino tumigil ang bola, siya ang tatayo at magbabahagi tungkol sa kanyang iginuhit na komunidad.<br><br>Gabay: (maaring nasa chart)<br><br>Ako si __________________.<br>Ang komunidad ko ay sa kalye (kung mayroon)___________-, purok ___________,<br>barangay ___________-,<br>bayang ng ____________.<br><br>Sa hilaga ng aming bahay ay ___________,<br>silangan ay ___________,<br>kanluran ay ____________ at<br>timog ay -. Ang mga kapitbahay ko ay sina ____________, _____________-. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Note: Maari pang magdagdag ng mga pakinabang ng mga anyong lupa, bantayog, anyong tubig at istruktura.<br><br>Sabihin:<br><br>Mag-unahan ngunit huwag magtulakan papunta sa mga palatandaan kapag narinig ang benepisyo o bunga ng mga ito.<br>Para sa mga tao ng komunidad. | | Kung maglalakad ako papuntang paaralan, ako ay papunta sa direksyong<br><br>_____________.<br>Salamat sa ___________dahil doon kami bumibili ng kailangan namin.<br><br>Pagkatapos ng isang bata, ipapatugtog muli ang "Piliin Mo ang Pilipinas" at ipasa muli ang bola para sa susunod na mag-aaral. | |
| **Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya** | Mystery Box:<br><br>Panuto:<br><br>Sabihin.<br>Kumuha ng larawan sa loob ng kahon at sabihin kung mayroon o wala kayong makikitang palatandaang nasa larawan sa inyong lugar. Bumanggit nga karagdagan o kung ano ang makikita pa sa inyong lugar.<br><br>Note: Ang guro ay dapat maghanda ng mga larawan.<br><br>**Larawan o cut outs** | Uliting ipalabas ang video na<br><br>Gabay na tanong:<br><br>1. Ano ang nakitang mga palatandaang heograpikal sa Pilipinas?<br><br>2. Ano no ang hindi naipakita sa video na maari ding makita sa Pilipinas?<br><br>. 3. Ano ano ba ang kabutihan o magandang naibibigay ng mga palatandaan na nakikita sa inyong komunidad? | Dito, ibabalik ang mga naiguhit na komunidad mula noong unang linggo at pag-aralan kung anong mga palatandaan ng lugar ang di pa naiguhit.<br><br>.Sabihin: Tignan ang inyong mga iginuhit. dati tungkol sa komunidad at pag-isipan kung paano ninyo pagsama-samahin at papagandahin ang larawan ng inyong komunidad.<br><br>1. Mayroon bang mga bahay sa larawan nyo?<br>2. May bundok ba?<br>3. May kalsada ba?<br>4. May kabukiran?<br>5. May pamilihan ba? | | |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Bundok – Banaue Rice Terraces o o Mt. Apo (o kung ano yung nasa lugar kung nasaan ang<br><br>Talon- Ma. Cristina Falls (o kung ano ang kilala ng kanilang lugar)<br><br>Bantayog ni Jose Rizal sa luneta (o sa kanya kanyang bantayog sa bayan)<br><br>Kabukiran<br><br>Ilog<br><br>Dagat | | | | |
| **Pagpapalalim ng Kaalaman**<br>**at Kasanayan sa Mahahalagang**<br>**Pag-unawa/Susing Ideya** | **Matching Type:**<br>**Hanay A Pangalan ng palatandaan (general term)**<br>**Hanay B**<br>**Larawan**<br><br> | Akting mo, Dula- dulaan Mo!<br><br>Papangkatin ng guro ang mga bata.<br><br>Panuto: Bumuo ng grupong binubuo ng 4 na mag-aaral.<br>Magdula-dulaan sila gamit ang mga dialogue na ito.<br><br>Note: Maaring ilagay sa konteksto ng gma bata ang mga. Iskrip.<br><br>Pagkatapos nilang magbasa ng script nila, | Iguhit mo, Komunidad mo!<br><br>Bumuo ng mapa ng inyong komunidad. Ang bahay nyo ang nasa gitna. Iguhit ang mga kalsada, istruktura na kilala sa lugar, bantayog at mga anyong lupa at anyong tubig na malapit sa inyo. Iguhit sa tamang lokasyon ang mga ito ayon sa lokasyon ng inyong bahay. Iguhit sa bandang timog ang mga lugar na nasa timog, hilaga kung ano ang nasa hilaga(katapat ito ng timog), sa silangan kung ang lugar ay nasa silangan at kanlurang bahagi kapag ang lugar ay nasa kanluran ng inyong bahay.Laging tandaan na ang silangan ay | Pagkatapos marinig ang mga kamag- aral, mahalaga bang matutunan natin kung ano ang nasa paligid natin?<br>Mahalaga ba ang mga palatandaang heograpikal na nasa ating komunidad?<br>Bakit? | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | bilugan nila ang mga kabutihang dulot/bigay ng mga palatandaan.<br><br>Script A:<br><br>Mag-aaral 1: Klasmeyt, nakarating na ba kayo sa dagat?<br><br>Mag-aaral 2,3,4: Oo naman, sa beach doon sa Palawan.<br><br>Mag-aaral 1: Nasiyahan ba kayo noong nagpunta kayo?<br><br>Mag-aaral 2: Oo, siempre. Sumakay kami sa bangka at nakita ko ang mga isdang lumalangoy. Kasama ko mama at papa ko.<br>Mag-aaral 3: Oo, namasyal kami sa beach ng Boracay.<br><br>Mag-aaral 3: Oo, marami akong nakitang bangkang pang-isda at sa gilid may maliit na crabs.<br><br>Mag-aaral 1: Uy masaya nga. Sana all.<br><br>Script B.<br><br>Mag-aaral 1: Klasmeyt, nakapamasyal na ba kayo sa parke? | kung saan sumisikat ang ang araw at ang kanluran ay kung saan lumulubog ang araw. | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Mag-aaral 2: hindi pa.<br><br>Mag-aaral 3: Oo.<br><br>Maganda doon.<br><br>Mag-aaral 4: Noong bata pa ako, oo.<br><br>Mag-aaral 2: Ano makikita doon?<br><br>Mag-aaral 3: mayroon doon bantayog ni Jose Rizal na nakatayo.<br>May palaruan, maraming pamilya ang namamasyal.<br><br>Mag-aaral 4: Naalala ko bumili kami noon doon ng lobo, sorbetes at iba pang pagkain.<br><br>Mag-aaral 1: Wow, Mabuti pa kayo, kami ay dumadaan lamang doon kapag galling kami sa pook sambahan.<br><br>Script C:<br><br>Mag-aaral 1: Klasmeyt, nakapunta na ba kayo sa kabukiran?<br><br>Mag-aaral 2: Oo. Doon sa lolo ko. Gusto ko doon kasi maraming prutas na pinipitas lang. Libre.<br><br>Mag-aaral 3: Hindi pa. Ayoko nga doon, maputik. | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Mag-aaral 4: Ano? Kung walang kabukiran, wala tayong pagkain tulad ng bigas.<br><br>Mag-aaral 1: Ay totoo yan. Alam niyo bang kilala ang Pilipinas dahil sa Banaue Rice Terraces dahil kahit mga kabundukan at nagawang taniman ng palay na pagkain ng karaniwan. Yun ang turo ng lola ko sa akin.<br><br>Script D:<br><br>Mag-aaral 1: Klasmeyt, nagpupunta ba kayo sa pamilihan/mall?<br><br>Mag-aaral 2: Oo kapag sinasamahan ko ang nanay kong mamili.<br><br>Mag-aaral 3: Oo kasi may Negosyo kami doon. Isinasama din ako ng tatay ko. Dahil doon nakakabili kami ng pagkain at damit.<br>Mag-aaral 4: Oo, ang dami daming taong pumupunta doon, may ATM pa doon para sa aming 4Ps.<br><br>Mag-aaral 1: Ako din.<br><br>Gabay sa guro: | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Maaring ilagay sa konteksto ng mag- aaral at komunidad ang mga script.<br><br>Kapag maraming mag-aaral, maaring maulit ang mga Script ayon sa bilang ng grupong mabubuo.<br><br>Gabay na tanong:<br>1. Ano ang binilugan nyong pakinabang ng mga palatandaan na nilalaman ng inyong script?<br>2. Mayroon ba kayong maidagdag sa mga kabutihan nilang dulot ?<br>3. Mayroon din bang mga lugar sa inyo na ibig niyong ipagmalaki? | | | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | | |
| **Paglalapat at Paglalahat** | Buuin Mo!<br><br>Ako si ____________ na taga _________________. Dito mo makikita ang (anyong lupa) _____________, (anyong tubig) _______________ | Ako si ________________. Nagpapasalamat ako sa _________________ (palatandaan) dahil sa naibibigay na ______________, ______, _______. | Kapag ginamit ko ang mapang iyong ginawa upang masundan ang pagpunta sa bahay ninyo, madali ko bang mahanapan ito? Bakit?<br><br>Note: Inaasahang mabanggit ng mag-aaral ang konsepto ng mga palatandaan at | Ano ang nararamdaman mo habang nagbabahagi tungkol sa inyong komunidad?<br><br>Ano ang natutunan mo | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | , bantayog na<br>______________<br>at istrukturang<br>______________.<br><br>Note: Maaring alisin ang mga patlang ng maaring walang sagot, depende sa<br>katangiang heograpikal ng lugar. | | direksyong nakasaad sa mapa. | mula sa mga kamag-aral na nagbahagi?<br><br>Hinahangaan mo ba ang mga gawa ng inyong kamag-aral? | |
| **Pagtataya ng Natutuhan** | Kulayan Mo!<br> | Matching Type:<br><br>Piliin ang larawan ng pakinabang sa Hana B na angkop sa palatandaan sa Hanay A. Isulat ang titik sa patlang.<br>____1. Bundok a.<br>____2. Burol b.<br>____3. Kapatagan c.<br>____4. Kabukiran d.<br>____5. Karagatan e.<br>____6.Ilog f.<br>____7. Talon g.<br>____8.Parke h.<br>____9. Pamilihan i.<br>____10.Bantayog ni Jose Rizal j. | Basahin Mo, Mapa Ko!<br><br>Panuto: Kumuha ng kapareha at magpalitan kayo ng mapa. Tukuyin ang mga istruktura, bantayog, anyong lupa o anyong tubig na nasa hilaga, timog, kanluran at silangan ng bahay ng kapareha. | Pagtataya | |
| **Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa**<br>**Remediation (kung nararapat)** | | Gumuhit ng larawang nagpapakita ng mga palatandaang heograpikal o pagkakakilanlan ng inyong lugar at mga mabuting bigay sa inyo. | Sabihin:<br>1. Tignan ang inyong komunidad at at siguraduhin ang lokasyon o direksyon ng mga iginuhit nyo ay tama.<br><br>Maghanda ng inyong sasabihin o paglalarawan sa inyong komunidad. Isali ang | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | kahalagahan ng mga makikita sa inyong komunidad. | | |
| **Mga Tala** | | | | | |
| **Repleksiyon** | | | | | |

**Inihanda ni:** **Nirebyu ni:** **Pinagtibay ni:**

**Guro** **Master Teacher / Head Teacher** **School Head**